# Balitang Manmin

BILANG 99 ENERO 5, 2014

















# Pagbati ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee para sa Bagong Taon 2014

"Ikaw ay bumangon, magliwanag ka, sapagkat ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng PANGINOON ay sumikat sa iyo. Sapagkat narito, tatakpan ang lupa ng kadiliman, at ng makapal na dilim ang mga bayan. Ngunit ang PANGINOON ay sisikat sa iyo, at ang Kanyang kaluwalhatian ay makikita sa iyo. At ang mga bansa ay paroroon sa iyong liwanag at ang mga hari sa ningning ng iyong pagsikat" (Isaias 60:1-3).

Para tuparin ang kalooban ng Diyos bago magwakas ang panahon, itinatag Niya ang Manmin Central Church, hangarin Niyang maligtas ang lahat ng tao. Sa loob ng tatlumpu't isang taon, magmula noong magbukas ito noong taong 1982, hindi huminto ang iglesya sa pagsunod ng may pananampalataya. Pinagpala tayo ng Diyos para ibahagi ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo sa pinakamalayong bahagi ng mundo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Ito rin ay nasa pagpapalang kaligtasan at pagpapabanal sa hindi mabilang na miyembro dahil sa sakripisyo at debosyon ng pastol sa loob ng nakaraang tatlong taon. Naging daan ito para madagdagan ang mga espiritwal at banal, at patungo sa pagtupad ng katarungan at pagliligtas ng mas maraming kaluluwa.

Dahil dito, nakapagtatag ang iglesya ng isang sistema ng organisasyon batay sa tiwala at pag-ibig ayon sa daloy ng espiritu na makakatulong para matupad ang dakilang kalooban ng Diyos. Magsisimulang muli ito sa napakahalagang Pasko ng taong 2013, pinatatag ng Diyos Ama ang espirituwal na saligan para makilala ang iglesya at ang katibayan ng pag-ibig at kapangyarihan Niya sa lahat ng tao sa lahat ng bansa sa mundo. Lahat ng pasasalamat at kaluwalhatian ay ibinibigay natin sa Kanya.

Sa pagsalubong natin sa Bagong Taong 2014, anong mga biyaya ang inihanda ng Diyos para sa atin?

### Una, ang pangakong ibinigay ng Diyos ay matutupad sa pamamagitan ng lakas ng pastol.

Dahil sa ganap na pananampalataya sa mga pangako ng Diyos na nakasulat sa Biblia, nabago ng Manmin Central Church ang puso ng mga tao sa hindi mabilang na mga tanda, himala, mga dakila at kamangha-manghang pagkilos na nagpapatunay ng pag-ibig na nagbibigay buhay at gabay sa hindi mabilang na kaluluwa sa kandungan ng Panginoon. Sa Bagong Taong darating, 2014, ang kalooban ng Diyos para sa iglesyang ito ay matutupad, sa pamamagitan ng pastol, sa mga iglesya dito sa Korea, at sa lahat ng tao at bansa sa pagwawakas ng panahon.

### Pangalawa, ang makapangyarihang ministeryo ng panyong pinanalanginan ng pastol ay mas magiging aktibo sa buong mundo.

Kahit ngayon, nakikita ang pagkilos ng Espiritu dahil sa panyong makapangyarihan na pinanalanginan ng pastol. Dahil dito, nakikilala ng mga tao ang Diyos, nagkakaroon ng solusyon ang mga problema sa buhay, gumagaling ang mga karamdaman at kahinaan, kahit ang mga hindi na pwedeng gamutin at nakakamatay. Niluluwalhati nila ang Diyos. Partikular na sa mga pagpupulong sa ibang bansa, naging Cristiano ang maraming Buddhists, Hindus, mga Muslim, at mga Judio.

Habang lumalaki ang kapangyarihan ng pastol sa darating na taon, lalaki rin ang kapangyarihan ng panyo. Mas maraming mga pastor at manggagawa ang tutupad ng kalooban ng Diyos sa maraming lugar sa mundo tulad ng 10,000 sangay at katuwang na iglesya sa bawat sulok ng mundo.

### Pangatlo, papatnubayan Niya tayo sa pagtatayo ng 'Shining Sanctuary' (Nagniningning na Santuwaryo).

Sa taong 2014, papatnubay mismo sa atin ang Diyos para maitayo ang santuwaryong nagniningning nang napakaganda. Ihahanda Niya ang lahat para maligtas ang hindi mabilang na kaluluwa sa pagwawakas ng panahon sa pamamagitan ng pagpapakita ng kaluwalhatian Niya. Hinihimuk ko kayong manalangin ng taos-puso at magsikap na maging espirituwal at banal para mas mabilis na maitayo ang santuwaryong nagniningning.

### Pang-apat, ang kapangyarihang muling paglikha ay maalab na ipapahayag.

Sinasabi sa Genesis 1:3, "At sinabi ng Diyos, 'Magkaroon ng liwanag,' at nagkaroon ng liwanag." Nang nagsalita ang Diyos sa orihinal na tinig, nagsimula ang paglikha. Anong tinutukoy ng muling paglikha? Ito ay baguhin ang langit at lupa at lahat ng bagay na nilikha ng Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, hindi ba kayo nasasabik isipin lang ang makapangyarihang muling paglikha na ipapahayag sa pamamagitan ng pastol? Ang mga bagay na nilikha sa orihinal na tinig ay magiging perpektong bunga ng 2014. Sa pamamagitan ng muling paglikha na bumabago sa orihinal na puso ng tao, maalab kong hinihiling sa inyo na maging mga tunay na anak kayo ng Diyos na sumusulong sa mundo kasama ng pastol! Hallelujah!

# Mapapalad ang mga Mapagpayapa

"Mapapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos" (Mateo 5:9).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Iniiwasan ng mga tao ang mga taong may magaspang na ugali o walang galang. Ito ay sapagkat kung kausap ninyo sila, tiyak na mababahala o mababalisa kayo. Kung hindi kayo mapalagay sa ibang tao kahit wala naman kayong pinag-aawayan, masasabi ba ninyong gusto ninyong magkaroon ng tunay na kapayapaan? Magkakaroon kayo ng tunay na kapayapaan sa kapwa ninyo kung magpapakumbaba kayo, poprotektahan at palalakasin sila.

Dumating si Jesus dito sa mundo para tuparin ang tungkulin Niyang maging Tagapagligtas. Mapagpayapa Siya sa lahat ng tao. Hindi lang Siya mapayapa sa mga taong mabuti, may pinag-aralan, at masunurin. Pinagsilbihan Niya ang mga walang pinag-aralan, mga masama ang ugali, mga makasalanan, at mga maniningil ng buwis. Pinagsilbihan Niya ang mga ito nang may pag-ibig at naging mapagpayapa sa kanilang lahat.

Gusto ng Diyos na maging mapagpayapa ang mga minamahal Niyang anak sa lahat ng tao para sa Panginoon at bibigyan Niya ng biyaya ang mga ito. Tingnan natin ang kahulugan ng kapayapaang gusto ng Diyos mula sa atin at ang mga biyayang ibibigay Niya sa mga mapagpayapa.

## 1. Sa pagsasakripisyo ni Jesus naging mapagpayapa Siya

Pumasok ang kasalanan sa mundo noong kumain si Adan, ang unang nilalang, ng bungang ipinagbawal. Naging makasalanan ang lahat ng kanyang inapo. Nagkaroon ng pader ng kasalanan sa pagitan ng tao at ng Diyos. Nakasulat sa Colosas 1:21, "At kayo, na nang dati ay hiwalay at mga kaaway sa pag-iisip, sa pamamagitan ng masasamang gawa." Ibig sabihin, lumayo ang tao sa Diyos dahil sa mga kasalanan.

Sinasabi sa Mga Taga-Roma 6:16, "Hindi ba ninyo nalalaman na kung kanino ninyo inihahandog ang inyong mga sarili bilang alipin sa pagsunod, kayo'y mga alipin niya na inyong sinusunod; maging ng kasalanan tungo sa kamatayan, o ng pagsunod tungo sa pagiging matuwid?" Dahil sinunod ni Adan ang kaaway na diyablo at nagkasala siya, lahat ng tao ay naging makasalanan.

Para magkaroon ng kapayapaan sa pagitan ng Diyos at ng tao, ipinako sa krus ang walang bahid ng kasalanang si Jesus. Si Jesus ang sakripisyong pambayad para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Nagdala Siya ng kapayapaan sa pagitan ng Diyos at ng tao (Colosas 1:20).

Lubos ang pagsasakripisyo ni Jesus sa sarili Niya sa pagpapapako sa krus para sa lahat ng tao na naging makasalanan. Dahil dito, binuksan Niya ang daan patungo sa kaligtasan natin at nagkaroon ng hindi mabilang na mga anak ng Diyos. Sa parehong paraan, maaari din tayong magbunga ng kapayapaan kapag isasakripisyo natin ang sarili at maglilingkod kahit saan – sa bahay, opisina, iglesya...kahit saan.

Sinasabi sa Mga Hebreo 12:14, "Pagsikapan ninyong magkaroon ng kapayapaan sa lahat at ng kabanalan na kung wala nito'y walang sinumang makakakita sa Panginoon." Kaya dapat tayong magkaroon ng kapayapaan kahit sa mga taong ayaw o may galit, at nagpapahirap sa atin. Kahit nasa katuwiran tayo, kung ang isang tao ay hindi mapalagay dahil sa atin, mali ito sa paningin ng Diyos. Paano tayo magiging payapa sa lahat ng tao? Para magkaroon ng kapayapaan, isaalangalang natin sila at unti-unting ipaunawa sa kanila kung paano magbabago para sa ikakabuti ng lahat.

## 2. Maging Mapagpayapa

### 1) Magkaroon ng kapayapaan sa Diyos

Kung magkakasala tayo, hahadlang sa pagitan natin at ng Diyos ang pader ng kasalanan (Isaias 59:1-2). Samakatwid, para magkaroon ng kapayapaan sa Diyos, dapat walang pader ng kasalanan. Sa sandaling tanggapin natin si Jesu-Cristo, papatawarin ang lahat ng mga kasalanan nating ginawa. Magigiba ang pader ng kasalanan, at magkakaroon ng kapayapaan. Pero kung gagawa ulit tayo ng kasalanan pagkatapos patawarin, masisirang muli ang kapayapaan sa pagitan natin at ng Diyos.

Samakatwid, kapag magsisisi tayo sa ating mga kasalanan, magbago at mabuhay ayon sa Salita ng Diyos, magkakaroon tayo ng kapayapaan sa Diyos. Tatanggap din tayo ng mga pagpapala bilang mga anak Niya. Kung mayroon tayong mga karadaman, gagaling tayo at lulusog. Kung may problema tayong pinansyal, mawawala ito, magiging masagana tayo. Dahil dito, matutupad ang mga hinahangad ng puso natin.

### 2) Magkaroon ng kapayapaan sa sarili

Habang mayroon tayong galit, inggit, selos, at iba pang kasamaan, lalabas ito ayon sa situwasyon. Pagkatapos, mahihirapan tayo dahil hindi tayo magiging payapa. May kasabihan sa Korea, "Kapag bumili ng lupain ang pinsan mo, sasakit ang tiyan mo." Tungkol ito sa inggit. Magdurusa ang isang tao dahil sa inggit, hindi sila masaya kapag mabuti ang buhay ng kapwa.

Hindi rin tayo mapapayapa kung mayroon tayong inggit, selos, kayabangan, alitan, pangangalunya, at iba pang kasamaan sa puso natin. Dadaing ang Banal na Espiritu, kaya magdurusa ang puso natin. Samakatwid, para maging payapa ang damdamin natin, dapat nating iwaksi ang kasamaan mula sa puso natin, at sundin ang nais ng Banal na Espiritu.

### 3) Magkaroon ng kapayapaan sa lahat ng tao

Nawawala ang kapayapaan ng isang tao dahil hindi niya naiintindihan ang pananaw ng ibang tao, hindi niya tinatanggap ang mga ito. Halimbawa, maalab niyang ginagawa ang isang proyekto. Pero hindi kumportable sa ginagawa niya ang mga kasamahan niya sa grupo. Hindi niya napapansin ito. Kahit may mga kasamahan siyang hindi sang-ayon na matuloy ang proyekto, itinutuloy pa rin niya, iniisip niya, 'Pinili kong gawin ang mabuti para sa kaharian ng Diyos.' Siyempre, malulugod ang Diyos sa kaalaban ng paglilingkod niya, pero masasaktan ang kalooban Niya para sa mga taong nalulungkot.

Samakatwid, hanggat hindi ito masama, mas mabuti pang maging mapagpayapa sa ibang tao, isa-alang-alang ang mahinang pananampalataya nila. Tandaan natin na mas malulugod ang Diyos sa maliliit na bagay na magagawa ng buong grupong may kapayapaan kaysa malalaking bagay na magagawa ng iilan lang.

## 3. Tatawagin silang mga anak ng Diyos

Kung ang isang tao ay may galit at kabalisahan sa puso niya, mainitin ang ulo, at nagiging dahilan ng pag-aaway, hindi siya mapagpayapa. Ibig bang sabihin nito hindi siya anak ng Diyos? Mas malalim ang espirituwal na kahulugan ng talatang ito.

Ang tinutukoy na 'mga anak ng Diyos' dito ay lahat ng babae at lalaki na nagwaksi ng lahat ng klaseng kasamaan, naging mabuti, nagmamahal sa Diyos, at tumutulad sa Kanya. Iba sila sa mga ligtas lang at hindi lumalago. Magiging anak ng Diyos ang isang tao kung tinanggap niya si Jesu-Cristo, at ang Banal na Espiritu. Magkakaiba ang sukat ng pananampalataya.

Sa madaling salita, ang pananampalataya ng iba ay tulad ng sa 'maliliit na bata', ito ang pananampalataya ng naligtas, ang iba naman ay sa 'mga bata', dito nila mas makikilala ang Diyos. Ang iba naman ay may pananampalataya ng 'mga kabataan', ito ay pananampalatayang nagpapalayas sa kaaway na diyablo at Satanas. At ang iba naman ay may pananampalataya ng 'ama', ito ang buong sukat ng pagkilala sa Diyos na Manlilikha na narito na bago pa magsimula ang panahon.

Ang 'mapagpayapa' na tinutukoy dito ay ang mga anak ng Diyos na may 'pananampalataya ng mga ama'. Ibig sabihin, sila ang mga anak na minamahal ng Diyos na tumutupad sa kabutihan, pag-ibig, at kalooban Niya. Tatanggapin nila ang kasagutan sa kahit na anong hilingin nila at pagpapalain sila. Tatanggapin din nila ang kapangyarihan at kalakasan mula sa Diyos kaya manginginig sa takot ang kaaway na diyablo at Satanas, lalayo sa kanila ang mga ito.

Kung magiging tagapamayapa tayo at tatawaging 'mga anak ng Diyos', pwede nating marating ang pinakamagandang tirahan, ang Bagong Jerusalem. Mananahan tayo dito magpakailanman na nagniningning tulad ng kaluwalhatian ng araw kung saan naroon ang trono ng Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kung iwawaksi ninyo ang lahat ng klase ng kasamaan, at tutularan ang maganda at mabuting puso ng Panginoon na nagmamahal kahit sa mga kaaway, mapapanatili ninyo ang kapayapaan sa Diyos, sa sarili ninyo, at sa lahat ng tao bilang mga anak Niya.

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Suriin Ninyo ang Masasamang Saloobin

Ipinapaliwanag ng 1 Mga Taga-Corinto 13:4-7 ang tungkol sa espirituwal na pag-ibig sa pamamagitan ng labinlimang katangian. Ang isa dito ay 'hindi nagtatala sa mga pagkakamali'. Ang itinutukoy na 'pagkakamali' dito ay pag-iisip ng masama. Gaano ba ang espirituwal na pag-ibig ninyo bilang mga anak ng Diyos? Sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa tatlong klase ng kasamaan, siyasatin ninyo ang sarili, at agad iwaksi ang bawat klase ng kasamaan para makamit ang maganda at mabuting espirituwal na pag-ibig.

## 01 Ginusto ba ninyong may mangyaring masama sa ibang tao?

Kapag may kaeskwela kayong mas magaling kaysa sa inyo o kapag mas maunlad ang negosyo ng ibang tao kaysa sa negosyo ninyo, at inisip ninyong hindi sana sila magtagumpay, ito ay masamang saloobin. Ipagpalagay nating may nangyaring hindi maganda sa isang taong hindi ninyo kasundo, at sasabihin ninyong, "Mabuti nga sa kanya!" ito ay masamang saloobin.

Kung mayroon kayong tunay na pag-ibig, hindi kayo mag-iisip ng mga bagay na ito. Gugustuhin ninyong maging palaging malusog at ligtas sa mga aksidente ang mga mahal ninyo sa buhay. Dahil walang espirituwal na pag-ibig sa puso ninyo, gusto ninyong may mangyaring masama sa ibang tao. Natutuwa kayo kapag nalulungkot sila. Gusto din ninyong malaman ang mga pagkakamali o pagkukulang ng ibang tao para maibalita ito sa iba.

Ipagpalagay nating nagpunta kayo sa isang pagpupulong, may isang tao doon na nagsasalita ng hindi maganda tungkol sa isang tao. Kung naging interesado kayo sa ganitong usapan, dapat ninyong suriin ang puso ninyo. Ipinapakita nitong mayroon kayong hangaring siraan o i-tsismis ang ibang tao. "Ang nagpapatawad ng kasalanan ay humahanap ng pagmamahalan, ngunit ang nagpapaulit-ulit sa usapin ay naghihiwalay ng magkakaibigan" (Kawikaan 17:9).

Ang mababait at nagmamahal sa iba ay magsisikap na takpan ang mga pagkakamali ng ibang tao. At kung mayroon tayong espirituwal na pag-ibig, hindi tayo magseselos o maiinggit sa mga taong may kaya sa buhay. Magiging masaya tayo para sa kanila dahil mayaman sila at minamahal ng ibang tao. Pagpapalain natin ng taos-puso kahit ang mga taong gumagawa ng masama sa atin. Sinasabi sa Mga Taga-Roma 12:14, "Pagpalain ninyo ang mga umuusig sa inyo; pagpalain ninyo, at huwag ninyong sumpain."

## 02 Humusga o humatol ba kayo ng ibang tao?

Kung mayroon kayong espirituwal na pag-ibig sa puso ninyo, ni hindi kayo magkakaroon ng masamang saloobin. Kahit may naririnig kayong hindi mabuting bagay tungkol sa isang tao, hindi ninyo ito huhusgahan o hahatulan hanggat hindi ninyo natitiyak kung totoo ito. Kung totoong mahal ninyo ang isang tao, mabuti ang iisipin ninyo tungkol sa kanya.

Pero sa kasalukuyan, marami tayong makikitang tao na nag-iisip at nagsasalita ng masama tungkol sa kanila. Hindi lang tungkol sa mga personal na relasyon, pinipintasan din nila ang mga nasa pampublikong posisyon. Ni hindi man lang tingnan ang buong pangyayari, nanghuhusga at nanghahatol sila batay sa sariling pamantayan.

Binabalaan tayo ng Santiago 4:12, "Iisa ang tagapagbigay ng kautusan at hukom, Siya na may kapangyarihang magligtas at pumuksa. Kaya, sino ka na humahatol sa iyong kapwa?" Ipagpalagay nating kitang-kitang gumawa ng mali ang isang tao. Sa situwasyong ganito, hindi mahalaga para sa mga mayroong espirituwal na pag-ibig kung tama o mali siya sa ginawa niya. Iisipin nila kung ano ang makakabuti para sa kanya. Gusto nilang maging masagana ang kaluluwa niya at mahalin siya ng Diyos.

Gaya ng sinasabi ng Kawikaan 10:12, "Ang pagkamuhi ay nagbubunsod ng alitan, ngunit tinatakpan ng pag-ibig ang lahat ng pagsuway," Takpan natin ang mga pagkakamali ng ibang tao at patawarin sila, at higit pa riyan, tulungan silang magsisi sa ginawa nila. Dapat turuan natin sila ng katotohanan, haplusin ang puso nila para tumungo sila sa tamang daan at magbago. Kung hindi tayo manghuhusga o manghahatol sa ibang tao, haharapin natin ang lahat ng bagay nang may pag-ibig at magiging masaya sa kahit sinong makaharap.

## 03 May mga saloobin ba kayong laban sa kalooban ng Diyos?

Dito sa mundo, sinasabing nabubuhay sa kabutihan ang mga taong mataas ang moral na pamantayan (moralidad) at naaayon sa konsiyensya. Pero hindi pwedeng ang moralidad o konsiyensya ang maging pamanatayan ng kabutihan. Maraming mga bagay tungkol dito ang kabaliktaran o laban sa Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos lang ang nag-iisang pamantayan ng kabutihan. Ang dahilan nito ay sapagkat kahit na anong saloobin na hindi ayon sa Salita ng Diyos ay masama.

Mababasa sa 1 Juan 3:4, "Ang sinumang gumagawa ng kasalanan ay lumalabag din naman sa kautusan, at ang kasalanan ay ang paglabag sa kautusan," ang kasalanan ay hindi pagsunod sa batas at pagsuway sa Batas ng Diyos. Kaya, ang kasalanan at kasamaan ay parehong kasamaan na labag sa Salita ng Diyos na siyang katotohanan. Kung ihahambing natin ito sa isang puno, ang kasamaan ay parang ugat, nasa ilalim ng lupa at hindi nakikita, at ang kasalanan ay parang mga sanga, dahon, at bunga. Kung walang mga ugat, hindi pwedeng magkaroon ng mga sanga, dahon, o bunga ang isang puno. Ang kasalanan ay ginagawa dahil sa kasamaan.

Dahil masama ang tao, nagkakasala sila. Halimbawa, kung may sasabihin kayong masama sa mga taong kinaiinisan ninyo, lumalabas ang kasamaan ninyo sa salita. Makikita natin dito na kahit ang isang tao ay may masamang kalooban, hindi tiyak kung magkakasala siya.

Kung siya ay may pinag-aralan, nakikinig sa Salita ng Diyos, at may pagtitimpi, pwede siyang umiwas sa paggawa ng kasalanan kahit masama ang kalooban niya. Gayon pa man, mapapabanal siya kung iwawaksi niya ang kasamaang likas sa puso niya. Minana ng lahat ng tao ang kasamaan mula sa mga magulang nila, pero hindi ito lumalabas hanggat hindi sila nalalagay sa matinding situwasyon. Mababasa sa 1 Mga Taga-Tesalonica, "Layuan ninyo ang bawat anyo ng kasamaan."

Pag-ibig ang pagtupad sa Batas. Kaya, ang walang pag-ibig ay labag sa Batas. Ito ay masama, at kasalanan (1 Juan 3:23; Mga Taga Roma 13:10). Ibig sabihin, para masuri kung nagtatala tayo sa mga pagkakamali, isipin natin kung gaanong pag-ibig ang nasa kalooban natin. Kung mahal natin ang Diyos at ang ibang kaluluwa, hindi natin itatala ang pagkakamali.



# "Ipinahayag na ang Panginoon ang pinakamagaling na doktor sa Balkan at Europa"



Dr. Lyubka Tancheva (WCDN Director, Bulgaria)

Ipinanganak ako sa isang pamilyang dumadalo sa Eastern Othodox Church sa Bulgaria. Inusig ang pamilya ko ng mga komunista at ng ateistang gubyerno. Noong panahong iyon, alam ko na may Diyos, pero hindi ko pa Siya nakikilala nang personal. Pagkatapos, nabuwag ang komunismo at nagsimulang maghanap ng mga bagay na espirituwal ang mga tao. Narinig ko ang tungkol sa ebanghelyo mula sa kaibigan, tinaggap ko si Jesus bilang Tagapagligtas.

Sa kasalukuyan, propesor ako sa Institute of Neurobiology sa Bulgarian Academy of Sciences, ipinapahayag ko na ang Diyos ang Manlilikha at Panginoon.

### WCDN, handog ng Diyos sa akin

Isang araw nang 2011, habang miyembro ako ng academic exchange council, ipinakilala sa akin ng isang kakilala si Pastor Daniel Rozen na taga-Israel.

Sa ika-8 kumperensyang pandaigdigan ng WCDN para sa mga Cristianong doktor sa Brisbane, Australia kami unang nagkita. Ang WCDN (World Christian Doctors Network, www.wcdn.org) ay isang samahan ng mga Cristianong doktor na nagmula sa iba't ibang denominasyon. Itinatag ito noong taong 2004 para patunayan ang mga pagpapagaling na ginagawa ng Diyos sa pamamagitan ng impormasyon na may kinalaman sa medisina. Nagdadaos ng mga kumperensya sa buong daigdig ang samahang ito taun-taon na may paksang 'Spirituality and Medicine' (Espiritu at Medisina) at pinapatunayan na totoo ang nakasulat sa Biblia sa pamamagitan ng pagpapakita ng iba't ibang banal na pagpapagaling.

Sa katunayan, nakadalo na ako sa ibang kumperensya ng mga Cristiano tungkol sa medisina. Pero espesyal itong pinamunuan ng WCDN. Nadama ko sa unang pagkakataon na kasama ko ang Espiritu habang pinapakinggan ko ang mga mensahe, mga pagpapakita ng mga pinagaling, at mga patotoo. Nakita ko ang iba't ibang patotoo at kamangha-manghang mga himala na naipahayag sa makapangyarihang panalangin ni Dr. Jaerock Lee, Tagapagtatag at Tagapangulo ng WCDN. Nakakamangha, masaya ako na dumalo ako sa kumperensya.

Pagbalik ko sa Bulgaria, ikinuwento ko kay Pastor Ivan Hazarbassanov ng Christian Center Sophia ang pagpapala at emosyon na nadama ko sa ika-8 kumperensya ng WCDN. Nagkaroon sila ng maalab na pangitain (vision), sinumulan nila ang ministeryo ng WCDN sa lugar na ito.

### Napuspos ako ng Espiritu dahil sa ministeryo ni Dr. Jaerock Lee

Mas naging masigla ang buhay ko bilang isang Cristiano dahil sa ministeryo ng WCDN. Nagsimula akong magbasa ng mga libro ni Dr. Lee na *Langit I* at *II*, *Hell*, at ang talambuhay niyang *My Buhay Ko, Pananalig Ko* na ibinigay sa akin noong kumperensya sa Australia. Habang binabasa ko ang mga libro, napuno ng pagpapala at karunungan ang buhay ko, mula ito sa Diyos. Napuspos ako ng Espiritu. Naging tagahanga ako ng mga libro ni Dr. Lee!

Sa ngayon, binabasa ko ang *Ang Mensahe ng Krus*, ito ang puso ng ebanghelyo na nagpapahayag ng pag-ibig ni Jesu-Cristo. Espirituwal ito at madaling maintindihan, kaya naantig ang espiritu ko. Naunawaan ko ang maalab na pag-ibig dahil sa krus. Dapat mabasa ng bawat Cristiano ang librong ito.

Noong Oktubre 2013, bumisita ako sa Manmin Central Church sa South Korea, kinakabahan ako habang nakikita ko ang ministeryo nila, at nararanasan ang mga tanda, himala, at inspirasyon ng Banal na Espiritu. Nakakagulat ang mga buhay bilang Cristiano ng mga miyembro. Nadama ko ang pagiging puspos ng espiritu ko at ang kaalaban ng damdamin ko na hindi ko nadama kapag nasa iglesya ako sa Europa. Pinapahalagahan nila ang isa't isa, masaya ang pag-uusap nila, at sumasamba nang buong puso at isipan.

Nabiyayaan din akong makita si Dr. Lee nang personal. Tinutupad niya ang misyong pandaigdigan at nakapagdaos na siya ng maraming krusada sa ibang bansa. Mapagpakumbaba at mahabagin siya, humanga ako sa kanya. Tinanong niya ako tungkol sa kasalukuyang kalagayan ng Cristianismo sa Bulgaria. Sinabi ko sa kanya na nawala na ang kadalisayan ng ebanghelyo sa Europa, hindi katulad ng dati. Sinabi ko pa, "Umaasa ako na tatanggap ng maraming pagpapala at magigising ang mga kababayan ko sa kumperensyang isasagawa sa Bulgaria." Sinabi ni Dr. Lee na gusto niyang makatulong. Napakalinaw pa rin nito sa akin.

### Umaasa ako na magbabalik ang sigla ng Balkan at ng buong Europa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos

Bago magtapos ang Oktubre 2013, nakita ko ang kamangha-manghang pagkilos ng Espiritu sa Israel, kung saan nagsimula ang ebanghelyo. Dumalo ako sa krusada na pinamunuan ni Rev. Soojin Lee na idinaos sa International Convention Center sa Haifa. Tungkulin kong kunin at ipunin ang mga patotoo bilang miyembro ng WCDN.

Maraming doktor ang nakibahagi sa gawain, mula sa Palestine, Ukraine, UK, Bulgaria, at India, at iba pang lugar sa Israel. Nakaka-bilib ang mga mensahe ni Rev. Lee at kamangha-mangha ang mga pagtatanghal. Higit sa lahat, maraming pumila para magbigay ng patotoo ng kanilang paggaling. Natutuwa akong makita ng personal ang mga pagpapagaling.

Pagkatapos ipanalangin ni Rev. Lee ang mga may sakit gamit ang panyong makapangyarihan na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12), nagsimulang magpatotoo tungkol sa kanilang paggaling ang mga tao. Gumaling ang sakit sa likod, sa tuhod, sa binti, pagpapanumbalik ng pandinig at paningin, paggaling mula sa kanser sa iba't ibang bahagi ng katawan, at epilepsy. Niluwalhati nila ang Diyos. Madaming klaseng patotoo ang naipon ng WCDN. Pinalinaw ng pagkakataong ito ang pangitain kong ipahayag sa mga tao ang kapangyarihan ng Diyos bilang isang Cristiano.

Sa kasalukuyan, bilang direktor ng sangay ng WCDN sa Bulgaria, inihahanda ko ang ika-11 pandaigdigang kumperensya ng mga Cristiano tungkol sa medisina. Idadaos ito sa Sophia sa Mayo 2014. Kinakabahan ako habang nagkukulekta ako ng mga impormasyon tungkol sa medisina para patunayan na si Jesu-Cristo ang pinakakamangha-manghang doktor na gagamot ng espiritu, kaluluwa at katawan ng mga tao. Idinadalangin ko na magningas nawa ang apoy ng Espiritu sa Balkan Peninsula at Europa.




## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714